Oxo-Degradable Plastics

SINGLE-USE & PLASTIC WASTE PREVENTION REGULATION

gov.bc.ca/reuse

Ano ba ang oxo-degradable plastics?

Ang oxo-degradable plastics (kabilang ang oxo-biodegradable plastics) ay may additives na nagbre-breakdown sa pamamagitan ng oxidation; ito'y nag-iiwan ng microplastics na nagpo-pollute sa kapaligiran. Kadalasang ipinapahayag na ang mga ito ay nagde-degrade at karaniwang ginagamit sa mga produktong binebenta na biodegradable, green (makakalikasan) o eco-friendly.

Ano ang dapat mong malaman

PINAGBABAWAL

Simula Hulyo 15, 2024, Ang mga negosyo sa B.C. ay hindi na maaaring magbenta o mag-distribute ng anumang packaging o single-use (disposable) products na naglalaman ng oxo-degradable plastics. Hindi nito naaapektohan ang mga produktong gawa mula sa conventional plastics.

Ano ang dapat mong gawin

1. **Itigil ang pagbenta ng single-use products na naglalaman ng oxo-degradable plastic**

   Kausapin ang iyong mga supplier at i-check ang mga label ng lahat ng single-use plastic products na binebenta o dini-distribute mo.

2. **Itigil ang pag-alok ng packaging na naglalaman ng oxo-degradable plastic**

   Huwag bigyan ang mga customer ng single items o packaging na kompletong gawa o bahaging gawa mula sa oxo-degradable plastics.

Ang mga bagay na ito ay exempt sa ilalim ng regulasyon at sila'y maaari pa ring gamitin.

MGA HINDI KASAMA

Medical devices na naglalaman ng oxo-degradable plastic

Oxo-degradable plastic items na ginawa para ibenta o i-distribute sa labas ng B.C.

Maaaring mahanap ang mga oxo-degradable plastic sa ilang lalagyan at mga disposable products na sinasabing nagde-degrade o nagpipira-piraso, tulad ng:

Mga bag para sa dumi ng aso

Mga bag para sa basura

Mga bag para sa dry-cleaning

Ang mga tinatanggap na gamit ay karaniwang may label na nagpapakitang ito ay:

- Gawa mula sa recycled content ✓
- Gawa mula sa PE (polyethylene) ✓
- Gawa mula sa LDPE (Low-polyethylene) ✓

Ang mga bagay na dapat iwasan ay karaniwang may label na nagpapakitang ito ay:

- Oxo-degradable ✗
- Oxo-biodegradable ✗
- Biodegradable ✗
- Degradable ✗
- Oxo-plastic ✗

Ang fact sheet na ito ay bahagi ng isang toolkit na ginawa para tulungan ang mga negosyo sa B.C. na sundin ang regulasyon.

Naghahanap ka ba ng mga opsyon para sa single-use plastics? Hanapin ang aming handy alternatives guide at fact sheets tungkol sa ibang mga pinagbabawal na bagay, at karagdagang tools na maaaring i-print – kabilang na ang mga poster at mga karatulang magagamit mo para bigyan ng impormasyon ang iyong staff at mga customer – sa **gov.bc.ca/reuse**.

Sa pamamagitan ng Single-Use and Plastic Waste Prevention Regulation, unti-unting itinitigil ng B.C. ang single-use plastic items na mahirap i-recycle, nang sa gayon ay mabawasan ang basura, maprotektahan ang ating kapaligiran, at makalikha ng isang mas malinis na kinabukasan para sa lahat ng mga taga-British Columbia.

BRITISH COLUMBIA
Ministry of Environment and Climate Change Strategy